Clean-up drive, umarangkada na sa QC

Dalawang araw matapos ang halalan, umarangkada na ang malawakang clean-up drive sa Quezon City para linisin ang mga nagkalat at nakasabit na mga campaign materials sa iba't ibang mga lugar sa lungsod.

Ayon kay Jessen Balingit, hepe ng Garbage Collection section ng Environmental Protection and Waste Management Department, nasa mahigit 70 ten-wheeler at 6 wheeler truck na ang kanilang nahahakot na basura ng eleksiyon hanggang kahapon sa lungsod.

Anya, kasama na rito ang halos 34 libong piraso ng campaign posters na nakukuha ng mga tauhan ng QC police district sa serye ng ikinasang 'Oplan Baklas' operations dalawang linggo bago ang eleksyon noong Lunes. *(Angie dela Cruz)*